ISSN 2672-2879
Tomo 2 Blg. 1, Enero-Pebrero 2020

# CaraBalitaan

Opisyal na Tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones

# Pagbabalik sa lupang sinilangan, bagong buhay nasumpungan

NI **CHARLENE JOANINO**

**Pagmamahal sa pamilya ang dahilan ni Leopoldo Marcos upang mangibang bansa. Ito rin ang nagtulak sa kanya upang bumalik sa Pilipinas at magkalabawan.**

Ang kanyang pagsisikap ang naging dahilan upang kilalanin siya bilang "Outstanding Dairy Buffalo Farmer" sa smallhold category noong ika-26 na anibersaryo ng DA-PCC.

Si Marcos ay isang dating *Overseas Filipino Worker* sa Saudi Arabia. Bagama't sapat ang kinikita para sa pamilya, kanyang napagtanto na higit sa pera, kailangan ng kanyang mga anak ang gabay at pag-aaruga ng isang ama.

Hindi naglaon ay umuwi siya sa Pinas at sumuong sa negosyong gatasan. Ayon sa kaniya, ang ilan sa miyembro ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) na kanyang mga kapitbahay ang nakapag-engganyo sa kaniya.

Taong 2015 nang sumailalim siya sa pagsasanay sa wastong pangangalaga ng gatasang kalabaw. Pagkaraa'y bumili siya ng kalabaw.

Nang sumunod na taon, napahiraman si Marcos ng dalawang gatasang kalabaw ng PCC at hindi nagtagal ay nadagdagan ito ng isa pa. Ngayo'y mayroon na siyang pitong kalabaw.

Nakakukuha si Marcos mula sa mga ginagatasang kalabaw ng 19 na litro. Ito ay kanyang ipinagbibili sa EPMPC sa halagang Php60 kada litro. Aabot sa Php1,140 kada araw ang kita na ipinantutustos niya sa pangangailangan ng kanyang pamilya at pag-aaral ng mga anak.

Parehong nakapagtapos ng kolehiyo sina Marcos at ang asawa kung kaya't nais rin niya na makapagtapos ang mga anak.

"Mahalaga ang edukasyon kaya lubos akong nagtitiyaga sa pagkakalabaw dahil gusto ko na matutukan ng mga anak ko ang kanilang pag-aaral. Lalo't hindi naman ako habambuhay makapagtatrabaho," ani

SUNDAN SA P. 2



# Mga kabataang *carapreneurs* pamamahalaan ang bagong bukas na ASKI-AusAid Agri Center

NI **CHARLENE JOANINO**

**Mga piling kabataan mula sa Alalay sa Kaunlaran Incorporated (ASKI) Skills and Knowledge Institute (SKI) ang mamamahala sa ASKI-AusAid Agri Center na binuksan noong ika-22 ng Enero sa Talavera, Nueva Ecija.**

Inilaan ang nasabing istruktura para sa pagproproseso, at pagbebenta ng mga produktong may gatas. Naitayo ito sa pamamagitan ng pondo mula sa *Australian Government.*

Pinahiraman ng DA-PCC ng mga gatasang kalabaw ang ASKI-SKI para sa nasabing inisyatiba. Ang ahensiya ay magsisilbi ring isa sa panggagalingan ng gatas na gagamitin sa

SUNDAN SA P. 4

# DA-PCC kaisa sa *livestock emergency operations* ng DA sa pagputok ng bulkang Taal

NINA **MA. CECILIA IRANG** AT **CHARLENE CORPUZ**

**Ipinaabot ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang buong suporta nito sa mga inisyatiba ng DA sa pagsasalba ng mga hayop na apektado sa pagputok ng bulkang Taal sa pamamagitan ng *Taal Livestock Care (TLC) Emergency Operations Center* nito na inilunsad sa Brgy. Marawouy, Lipa City, Batangas, noong Enero 18.**

Ang DA-PCC, sa pangunguna ni *Executive Director* Dr. Arnel Del Barrio, ay nagkaloob ng tone-toneladang burong damo at mga dayami bilang pakain sa mga nasagip na hayop. Ipinahiram din ang *animal rescue mobile service* nito para magamit sa buong operasyon ng pagsasalba.

Ang mga pakaing damo na ipinamahagi ay magandang tulong para makabawi ng lakas ang mga naisalbang hayop dahil nasira rin ang mga kalapit na taniman ng pakain. Samantala, nagpadala rin ng mga beterinaryo at mga umaasisteng boluntaryo para sa pagbibigay ng

SUNDAN SA P. 7

# Aktwal na pagsasanay sa pag-aalaga ng kalabaw isinagawa para sa mga mag-aaral ng FLS-DBP

NI **DORIE BASTATAS**

**Animnapung mag-aaral ng *Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production* (FLS-DBP) ang sumailalim sa aktwal na pagsasanay sa pag-aalaga ng kalabaw noong Enero 16-17 bilang bahagi ng kanilang pagbisita sa PCC sa Mindanao Livestock Production Center (PCC@MLPC).**

Ang nasabing "field visitation" ay isang pinagsamang aktibidad ng PCC@MLPC, lokal na pamahalaan at *Municipal Agriculture Offices* ng Tukuran, Zamboanga del Sur, Dumalinao, Zamboanga del Sur, at Dapitan City.

Layunin ng FLS-DBP na mapabuti ang kalidad ng pag-aalaga ng kalabaw at mga kaugnay na gawain sa pamamagitan ng tamang kaalaman, impormasyon, at teknolohiya. Sa pamamagitan nito, mas magiging produktibo at mas tataas ang kita sa negosyong salig sa kalabaw.

Ang mga kalahok ay mga benepisyaryo ng proyektong *Accelerating Livelihood and Assets Buildup* o Alab-Karbawan ng PCC@MLPC, na binubuo ng 32 magsasaka mula sa Antipolo, Dapitan City; 13 mula sa Baclay, Tukuran, Zamboanga de Sur; at 15 mula sa Dumalinao, Zamboanga del Sur.

Kabilang sa kanilang aktwal na pagsasanay ay ang paggawa ng burong damo *(silage)*, wastong pamamahala sa mga hayop habang ginagatasan, pagsusuri sa katawan ng kalabaw kung angkop ito sa pangangananak, paghahanda ng tamang tirahan para sa mga guya at matatandang kalabaw, pagpoproseso ng gatas at pagsusuri sa kalidad nito.

Ang nasabing mga pagsasanay ay naisagawa sa tulong nina *PCC@MLPC Center Director* Cecelio Velez, *FLS-DBP facilitators* na sina Dorie Bastatas, Edmund Calvo, Genelyn Sularte, at Annie Rose Estañol, *Project Aide* Jayza Claire Tabiliran, at *Community Development Officer* Josephine Mendoza.

Ito ay bahagi ng patuloy na pag-aaral ng mga kalahok sa FLS-DBP. Ang serye ng pag-aaral na ito ay magbibigay-daan sa kanila upang (1) madagdagan ang kanilang interes sa mga negosyong salig sa kalabaw at (2) maihanda sila sa mga kakailanganing hakbang at pagsusumikap sa mga tuntunin ng pagnenegosyo at pagpoproseso.

Sa pagtatapos ng aktibidad, sinabi ni Ponciano Edaño Sr., *municipal agriculturist* ng Dumalinao, na kahit siya ay magreretiro, patuloy niyang susuportahan ang programa dahil ito ang alternatibong mapagkakakitaan ng mga magsasaka. Dagdag pa niya, pangarap din ng munisipyo na makagawa ng produkto mula sa gatas ng kalabaw.

Bilang tugon, sinabi ni Direktor Velez na ito ay isa lamang sa maraming bahagi ng yugto sa pagsasagawa ng nasabing aktibidad. Sa pakikipag-ugnayan sa mga magsasaka, *stakeholders*, at *partners* sa industriya ay maayos na maipatutupad ang programa.

Kabilang din sa dumalo sa aktibidad ay sina Cyril Patangan, *municipal agriculturist* ng Dapitan City; Dr. Cornelio Jumawan, *city veterinarian* ng Dapitan City; Hon. Macario Tutor, *committee chair on agriculture*; Hon. Victoria Pintac, *committee chair on enterprise*; Victor Galleposo, *artificial insemination technician*, at iba pang *FLS-DBP facilitators* na sina John Entrina, Richard Hidalgo, Cesar Acaylar at Walter Padaong.

## Pagbabalik sa lupang sinilangan... MULA SA P. 1




Marcos.

Bagama't hindi regular na tumutulong ang mga anak niya sa kanilang gatasan, naging tila paraan naman ng pagbo*bonding* nilang mag-anak ito. Tuwing walang pasok sa eskwela ay nagpupunta siya, ang kanyang asawa at mga anak sa *farm* upang tulung-tulong na maggatas.

Buhat sa kinikita sa gatas ay nakapagpundar na rin si Marcos ng isang *second-hand* na sasakyan at *tricycle* na nagagamit niya sa paghahatid ng gatas sa EPMPC.

Kalimitang pumupunta si Marcos ng 4:30 ng umaga sa koral upang maglinis, magpaligo at maggatas ng kalabaw. Pagsapit ng alas sais ay tapos na siyang maggatas. Ang iba niyang oras ay ginugugol naman niya sa kanyang taniman ng mais at palay, kung saan nanggagaling ang ipinakakain niya sa mga alagang kalabaw.

Balak ni Marcos na mapalaki ang negosyo niya sa kalabaw balang araw. Aniya: "Ipinagmamalaki kong nakita rin ng ibang magsasaka na talagang mainam na magkalabaw."



# Isang huwarang kawani ng gobyerno

NI **WILMA DEL ROSARIO**



**"Public office is a public trust."**

**Ito ang isa sa mga konseptong higit na pinahahalagahan na mapreserba ng pambansang konstitusyon na mailuklok sa puso ng bawa't kawaning naglilingkod sa bayan–mga kawaning matapat na tumutupad sa kanilang tungkulin hindi bilang hamon bagkus ay bilang isang mandato.**

Sa DA-PCC, maraming kawani ang tumutupad sa mandatong ito. Mga kawaning matapat at positibong nagkakaloob ng serbisyo sa bayan lalo na sa mga magsasaka sa kanayunan. Isa na nga rito si Ginoong Mario Delizo o mas kilala sa tawag na "Tata Mar", isang dating empleyado ng Department of Environment and Natural Resources na lumipat sa PCC sa Central Luzon State University bilang *training officer*.

Noong 2000, si Tata Mar ay itinalagang *Project Development Officer II* ng PCC National Headquarters sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija. Ayon sa mga nakakikilala sa kanya, siya ay isang simpleng tao na may takot sa Diyos at mayroong mababang kalooban.

Bilang kawani ng PCC, naatasan si Tata Mar na mapabilang sa *National Impact Zone (NIZ) Team*. Ang NIZ Team ay isang grupo ng kawani ng PCC na ang pangunahing layunin ay i-debelop ang lalawigan ng Nueva Ecija bilang isang modelo ng *Dairy Buffalo Development Program* gamit ang mga gatasang kalabaw para mapagkuhanan ng sapat na gatas at karne na makapagdadagdag ng kita para maiangat ang kabuhayan ng mga mamamayan sa kanayunan.

Sa kanyang paglilingkod, ibinigay ni Tata Mar ang kanyang buong kakayahan para makatulong na maiangat at patuloy na maisulong ang pag-unlad ng industriya ng gatasang kalabaw sa probinsiya ng Nueva Ecija. Naging ehemplo siya ng isang kawani na handang maglingkod nang mahusay at may malasakit para sa mga magsasaka.

Ayon sa kanya, ang kanyang paglilingkod sa mga magsasaka ay itinuturing din niyang isang paraan ng paglilingkod sa Diyos dahil sa Kanyang kabutihan sa buhay niya at buong sambahayan.

Sa kanyang pagiging kawani, matiyagang nagkaloob si Tata Mar ng serbisyong teknikal sa 423 kasaping magsasaka ng 12 kooperatiba sa bayan ng San Jose City, Lupao, General Natividad, Palayan City, General Tinio, Science City of Muñoz at Rizal. Ang mga ito ay may 628 kabuuang bilang ng alagang kalabaw.

Bilang isang *extension worker*, ginabayan niya ang mga magsasaka na magkaroon ng sapat na kaalaman sa wastong pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw hanggang sa umunlad ang kanilang kabuhayan. Ginabayan din niya ang mga kooperatiba para maging maayos ang pagpapatakbo ng kanilang mga negosyong salig sa kalabaw. Ginawa niya ito nang may katiyagaan at malasakit simula taong 2000 hanggang sa siya ay magretiro noong December 31, 2019.

Sa pagsasagawa ng kanyang tungkulin, maraming pagsubok ang kanyang naranasan, kasama na ang tatlong beses na aksidente sa daan. Pero ayon sa kanya, sa kabila nito, hindi rin mapapasubalian ang kanyang kagalakan na maraming magsasaka ang umunlad ang buhay bunga ng kanyang malasakit at pagpupunyaging makatulong.

Kahit na retirado na ay hindi pa rin nahihinto ang kanyang serbisyo sa mga magsasaka. Patuloy pa rin siyang nagkakaloob ng tulong-teknikal sa mga alagang kalabaw ng mga ito.

Si Tata Mar ay maituturing na isa sa mga bayani ng bayan sa makabagong panahon na nagkaloob ng hindi matatawarang serbisyo sa loob ng halos dalawang dekada niyang paglilingkod.

# Taunang AI *assessment, planning-workshop* isinagawa ng PCC@VSU

NI EMY GORITTE GORRA




**Mas matibay na ugnayan at mas mainam na pagpapatupad ng programa sa artificial insemination (AI) ang layunin ng PCC sa Visayas State University (PCC@VSU) sa pagsasagawa nito ng taunang assessment at planning-workshop.**

Ginanap ang nasabing gawain sa VSU, Baybay, Leyte noong nakaraang Enero 21-22.

Ang AI ay isa sa mga serbisyo ng DA-PCC para sa mga magsasaka na nakatutulong sa pagpaparami at pagpapataas ng lahi ng mga kalabaw sa bansa. Ito ay isinasagawa ng mga *PCC village-based artificial insemination technicians* (VBAIT) at *LGU AI technicians.*

"Sa pamamagitan ng *assessment* at *workshop* na tulad nito mapapaganda ang inisyatiba sa AI lalo't matatalakay ang mga estratehiya pati na rin ang mga problema't solusyon na kinakaharap ng PCC, LGUs, at *Provincial Livestock Coordinators* (PLS) sa AI," ani Edgar Nuñez, *PCC@VSU AI and bull entrustment coordinator.*

Ibinahagi ng mga PLS ang kanilang mga aktibidad, matatagumpay na gawaing salig sa AI nang taong 2019, at ang kanilang mga plano upang mapagtibay pa ang naturang serbisyo na laan sa mga magsasaka.

Isa sa *highlights* ng *assessment* at *workshop* ang pagkilala sa mga PCC VBAITs at LGU *AI technicians* na nakapagkamit ng mataas na *performance rate* sa AI, *pregnancy diagnosis,* at *calf drop efficiency.*

Ang mga VBAITs na pinarangalan ay sina Jesus Suson Jr., Rolando Zalameda, Andres Cortes, Heindrich Zalameda, Marvin Pasohil, at Nestor Carbon. Habang sa LGU *AI technicians,* kinilala sina Julito Ordiz, Nelson Barro, Rodrigo Gervacio, Grace Peruda, Godofredo Yare, Reynaldo Dianopra, Ranulfo Madis, at Arsenio Donadillo.

Binigyang parangal din ang mga bagong *technicians* na nagsisipagsanay ng AI.

Ayon kay Dr. Renato Distrajo, *livestock program coordinator* ng *Department of Agriculture–Regional Field Office,* sa pamamagitan ng *Unified National Artificial Insemination Program* ay tiyak na magtatagumpay ang pagpapatupad ng programa sa AI sa Region VIII.

Humigit 80 ang dumalo sa idinaos na mga aktibidad.

Ang taunang *assessment* ng PCC sa VSU ay ginaganap tuwing unang buwan ng taon.

## Mga kabataang *carapreneurs...* MULA SA P. 1

mga produkto sa *agri center*.

"Naisipan namin na isagawa itong proyekto upang matulungan namin ang mga estudyante na nangangailangan ng pera para makapag-aral. Nais din naming ibalik ang interes ng mga kabataan sa agrikultura, " ani Roland Victoria, *ASKI Group president* at *chief executive officer.*

Layon, aniya, na mapalawak ang sakop ng proyekto sa pamamagitan ng paghihimok sa mga kabataan mula sa ibang mga paaralan na sumali.

Upang mapangasiwaan ang *center*, ang "Samahan ng mga Kabataan Para sa Kaunlaran (SKPK)" na kinabibilangan ng mga estudyante sa *high school* ng ASKI Institute ay itinatag noong nakaraang taon.

Ayon kay Ley Ann Pale, presidente ng SKPK, bukod sa tulong pinansiyal, makatutulong ang *center* upang engganyuhin ang katulad niyang kabataan na sumuong sa negosyong salig sa agrikultura sa pamamagitan ng paggawa at pagbebenta ng mga produktong may gatas.

Inihayag naman ni Dr. Arnel Del Barrio, PCC *executive director,* ang kanyang pagsuporta sa nasabing proyekto.

"Ang PCC ay handang magbigay ng tulong teknikal at pagsasanay sa pagproseso ng mga produkto ng *center.* Kami rin ay nangangako na magbibigay ng adisyunal na gatasang kalabaw sa ASKI-SKI para maparami ang produksyon ng gatas," ani Dr. Del Barrio.

Dagdag niya, ang proyekto ay makapag-aambag sa pagsusulong ng *Republic Act 11307* o "'Masustansiyang Pagkain Para sa Batang Pilipino Act". Lalo't maaaring maging isa ang ASKI-SKI sa panggagalingan ng gatas para sa mga batang nasa edad 5-12 taong gulang bilang parte ng RA 11307 na layong labanan ang malnutrisyon ng mga batang Pilipino.

Nagsidalo rin sa pagbubukas ng *center* sina Talavera *Mayor* Nerivi Santos Martinez at *Department of Trade and Industry Nueva Ecija (DTI-NE) Provincial Director* Brigida Pili.

"Maaaring maging bahagi ng proyekto ng DTI na *Shared Service Facility* (SSF) ang *center* kung saan nagkakaloob ng mga kagamitang pangkabuhayan," ani Pili. Dagdag niya, aabot sa 50 kooperatiba na ang may SSF.

Ang ASKI ay isang *non-stock* at *non-profit organization* na nagbibigay ng *social services* at nagtatayo ng *small* at *medium enterprise.*



## Ayon sa isang *graduate* ng SOA-DBP:

# 'Matalik na kaibigan ang turing namin sa kalabaw'

NI RODOLFO JR. VALDEZ



**"Kung may kasabihang 'Dogs are man's best friend', para naman sa aming mga maggagatas ang kalabaw ang itinuturing naming kaagapay sa buhay."**

Ayon ito kay Arci Arceo, isang magsasaka na nagtapos sa *School-on-the-Air on Dairy Buffalo Production* (SOA-DBP) noong nakaraang Pebrero 26 sa bayan ng Surallah, South Cotabato.

Ang SOA-DBP ay isang plataporang inilunsad ng DA-PCC sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang ahensiya ng gobyerno na layuning mapahusay ang kaalaman at kakayahan ng mga magkakalabaw sa pamamagitan ng mga serye ng talakayan tungkol sa wastong teknolohiyang may kinalaman sa pag-aalaga ng kalabaw na mapakikinggan sa radyo.

Ito rin ay isang uri ng pagsasanay na natukoy sa pag-aaral ng PCC Knowledge Management Division na pinamagatang "Strengthening Carabao Development Program (CDP) Communication for Development (ComDev) Campaign in Visayas and Mindanao" bilang tugon sa pangangailangan ng mga magsasaka ukol sa kaalaman sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw.

Sa mensahe ni PCC at University of Southern Mindanao (PCC@USM) *Center Director* Benjamin John C. Basilio, binigyang-diin niya na ang matagumpay na pagtatapos ng mahigit 400 na magsasakang *enrollees* ay dahil sa suporta at tulong ng mga *stakeholders* tulad ng Agricultural Training Institute XII, Department of Trade and Industry XII, Philippine Crop Insurance Corporation, South Cotabato Provincial Veterinary Office, Municipal Agriculture Offices ng bayan ng Norala, Surallah, Tantangan, Sto. Niño, Banga, Lake Sebu, Tupi, at T'boli.

Naging bahagi ng *mass graduation* ang pamamahagi ng mga kagamitang pansaka gaya ng pala, bolo, tali, trapal, at drum. Bukod pa rito, naging tampok din sa pagtatapos ng *enrollees* ang talakayan o pagbibigay ng mga katanungan ng mga *graduates.*

Isa sa mga katanungan sa talakayan ay kung "ano nga ba ang naging epekto ng paggagatas sa bawa't buhay ng mga miyembro ng Canahay Dairy farmers Assocciation (CADAFA)?"

Ganito naman ang naging sagot ni Yolanda Paches, isa sa mga miyembro ng CADAFA, na inaasistehan ng PCC@USM:

"Naging mahirap ang simula ng aming paglalakbay sa negosyong paggagatas dahil maraming naging balakid nang kami ay magsimula noong 2013. Nguni't lahat ng paghihirap namin noon ay nagbunga ng masaganang ani at mataas na kita dahil sa gatas ng kalabaw. Dati-rati ay nahihirapan kami sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw, nguni't dahil sa walang sawang suporta ng PCC@USM at ng aming LGU ay nakakamtan na namin ang bunga ng aming tagumpay."

Ilan sa mga paksang tinalakay sa SOA-DBP mula Oktubre 2019 hanggang Pebrero 2020 ay ang *Feeding Management, Feeding Production and Establishment, Forage and Feed Resources for Dairy Buffaloes, Health Management, Animal Management, Disease Prevention and Control; Breeding Management, Carabao Enterprise;* at *Technology Adaptation.*

# Mga piling magsasaka sa Kalinga, sumailalim sa Social Preparation Training

NI AILEEN BULUSAN

**Nagsagawa ng *social preparation training (SPT)* at *program orientation* ang PCC sa Cagayan State University (PCC@CSU) noong Pebrero 4-5 sa barangay Santor, Rizal, Kalinga.**

Ito ay nakaangkla sa mithiin na magkaroon ng progresibong mga negosyong gatasan mula sa kalabawan sa nasabing lugar. Isinusulong nito na matulungan ang mga mamamayan ng naturang barangay na makabuo ng isang organisasyon ng mga magsasakang maggagatas.

Sa pamamagitan ng naturang aktibidad ay inihanda ang mga nagsipagdalo sa pakikibahagi sa proyekto ng PCC sa "Unlad-kabuhayan Salig sa Kalabaw".

Nagbigay kaalaman ito ukol sa mga programa ng PCC, kabuhayang salig sa kalabaw, partikular sa paggagatas, at mga benepisyo na maaaring makuha mula rito. Tinalakay din ang inisyatiba ng PCC sa pamamahagi ng mga gatasang kalabaw sa mga magsasaka.

Nagsagawa ng *animal profiling* at *pregnancy diagnosis* sa Santor. Sa 80 na kalabaw, may dalawang *purebred Murrah buffalo*, ang isa ay bulugan, at ang isa ay buntis. Aabot sa 45 ang *native* na kalabaw, 32 ang babae at 13 ang lalake. Ang *crossbred* naman ay may bilang na 33, kung saan 19 ang babae habang 14 ang lalake.

Dalawampu't walong katao ang lumahok sa nasabing aktibidad. Ito ay pinangunahan nina Edelina Rellin, *training coordinator* at Benedicto Blansa, *Community Development Officer II* ng PCC@CSU. Isinagawa ito alinsunod sa pagdulog sa ahensya ni Congressman Allen Jesse Mangaoang, Kalinga *lone district representative.*

Inaasahan na magiging matagumpay ang programa ng PCC sa pakikipagtulungan nito kay Cong. Mangaoang.





# ALAB KARBAWAN UPDATES

NINA CHRISSALYN MARCELO AT PAUL ANDREW TEXON

**Kabi-kabilang pakikipagtulungan, pagsasanay sa magsasaka, pamamahagi ng kalabaw, at pagtitindig ng *milk processing plant* at *marketing outlet* sa iba't ibang bahagi ng bansa ang tuluy-tuloy na isinasagawa ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) sa ilalim ng proyekto nitong ALAB-Karbawan na sinimulan nitong isagawa noong 2019.**


Ayon sa DA-PCC, ang salitang "ALAB" sa ALAB-Karbawan ay isang acronymn na ang ibig sabihin ay ***Accelerating Livelihood Assets Buildup*** samantalang ang salitang "Karbawan" naman ay salitang mula sa Visayas at Mindanao na ang ibig sabihin ay "pagkakalabawan".

Layon ng proyektong ito na masigurado ang paglalatag ng ***Carabao-based Business Improvement Network (CBIN)*** sa 17 *sites* o lugar na matatagpuan sa 16 na probinsiya sa Pilipinas at inisponsoran ni Sen. Cynthia Villar.




### NABUONG KOLABORASYON O PAKIKIPAGTULUNGAN SA MGA KOOPERATIBA AT *LOCAL GOVERNMENT UNITs (LGUs)*


Mula sa 17 kooperatiba at 17 na LGUs na *target* ng proyekto, 16 na kooperatiba at 16 na LGUs na ang naging *partners* ng DA-PCC.




### PAMILYANG NAGING KASANGKOT SA PROYEKTO

Mula sa 340 pamilya na *target* na maisangkot sa proyekto, mayroon nang 81 pamilya ang naitalang naging kasangkot sa ALAB-Karbawan.

Sa bilang na ito, 99 na magsasakang miyembro ng pamilya naman ang naitalang nabigyan na ng pagsasanay sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.




### NAIPAMAHAGING KALABAW

Mula sa 840 kalabaw na *target* na maipamahagi sa mga kliyenteng magsasaka, mayroon nang 312 na kalabaw ang naipamahagi ng DA-PCC. Sa bilang na ito 314 ang babaing kalabaw at walo naman ang bulugang kalabaw.

Ayon pa sa datos, 36 na kalabaw mula rito ang buntis na samantalang lima naman ang nagagatasan na ng mga magsasaka.

Mayroon na rin na **isang *processing plant*** at **tatlong *market outlets*** na naitindig sa ilalim ng proyekto. Ang mga ito ay matatagpuan sa Dinalupihan, Bataan at Asingan, Pangasinan.

Maliban dito, inaasahan din na sa 3rd *quarter* ng 2020, magkakaroon ng **212,303 na mga bata na magiging benepisyaryo ng *milk feeding program*** at **Php249,738,563 na halagang kikitain sa gatas ng kalabaw.**

Ilan pa sa *target* ng proyekto ay ang pagkakaroon ng **82,733kg na produksiyon ng gatas sa 4th *quarter* ng 2020, kita mula sa gatas na aabot sa Php4M *(raw milk)* at Php12M *(value-added)*, pagkakaroon ng 17 *qualified suppliers* para sa *milk feeding program* at may 100 na kababaihan na magnenegosyo sa gatas ng kalabaw.**

## PROJECT SITES

- Ilocos Sur
- Pangasinan
- Tarlac
- Bataan
- Albay
- Palawan
- Negros Oriental
- Antique
- Zamboanga del Sur
- Zamboanga del Norte
- Misamis Oriental
- Davao Del Sur
- Davao de Oro
- Davao Oriental
- South Cotabato
- North Cotabato





# Pagkamit ng bulugan at pagtatagumpay ng isang magkakalabaw sa Iloilo

NI JOCEL DAM DOLFO

Laking pasasalamat ni Robert Garbino, 49, ng Dalid, Calinog, Iloilo nang igawad sa kanya ng DA-PCC ang *certificate of ownership* o sertipiko ng pagmamay-ari sa bulugang kalabaw na ipinahiram ng ahensiya. Ito ay bunga ng kanyang limang taong masikap na pag-aalaga sa naturang kalabaw na umabot sa mahigit 27 ang naging anak.

Taong 2015 nang maipagkaloob sa kaniya ang bulugan na isang *Bulgarian Murrah Buffalo* sa ilalim ng *bull loan program* (BLP) ng PCC. Layon ng naturang programa na mapataas ang lahi ng kalabaw sa pamamagitan ng natural na pagpapalahi gamit ang bulugan.

Nagsasagawa ang PCC ng *orientation* at *site evaluation* upang matukoy kung sinu-sino ang mga kwalipikado na mapabilang sa BLP. Nagbibigay kaalaman at hinahasa rin ng ahensiya ang kapasidad sa responsableng pag-aalaga ng bulugan ng mga napiling tagapag-alaga tulad ni Robert.

Ang BLP ay may kaukulang kontrata na nagsasaad na maiililipat lamang ang pagmamay-ari ng bulugan sa pangalan ng tagapag-alaga nito kung magkakaroon ito ng 25 anak sa loob ng limang taon.

Ayon kay Robert, hindi pa umabot ng isang taon buhat ng magsimulang mangasta ang kalabaw. Pagbabahagi niya, hindi siya nagpapabayad sa gustong magpalahi sa alagang bulugan upang makatulong sa mga magsasaka.

Bukod sa pagbubulog, kaagapay din niya ito sa pag-aararo sa bukid at pagkakaryada ng mga mabibigat na bagay.

"Malaking tulong sa aming pamilya ang mabigyan ng ganitong oportunidad. Hindi mahirap mag-alaga ng kalabaw kung ito ay bibigyan mo ng kaukulang pansin," ani Robert.

Nagsimula si Robert mag-alaga ng kalabaw noong 2012 at hindi nagtagal ay sumuong siya sa paggagatas.

Si Robert ay isa sa magsasakang inaasistehan ng PCC sa West Visayas State University. Siya ay miyembro ng Calinog Farmers Agriculture Cooperative.

Aabot sa pitong kalabaw ang bilang ng alaga ni Robert. Ang dalawa niyang mestisang kalabaw ay nagwagi sa kumpetisyon sa kalabaw noong ika-22 anibersaryo ng PCC. Kinilala ang kanyang *senior* at *junior cows* sa *crossbred category* at tumanggap siya ng Php45,000 gantimpala dahil dito.

Nakakuha si Robert ng 13.7 litro ng gatas mula sa mga naturang kalabaw sa loob ng 10-12 buwan. Ang kada litro ng gatas ay ipinagbili niya sa halagang Php70.

"Kung dati, ang kita ko araw-araw ay Php350 lamang sa pagiging *welder*, ngayon kaya ko nang kumita ng aabot sa libong piso o higit pa mula sa paggagatas ng kalabaw," pagbabahagi ni Robert .

Ginagamit niya ang kita sa pang araw-araw na gastusin ng kanyang pamilya at pambaon ng mga anak na nagsisipag-aral pa. Nakapagpundar na rin si Robert ng dalawang motorsiklo.

Nakikinita ni Robert na sa paglipas ng panahon ay mas lalo pang maraming biyaya ang kanyang matatanggap mula sa pag-aalaga ng kalabaw.

(May impormasyon mula sa artikulo ni Ma. Cecilia Irang)

## DA-PCC kaisa sa *livestock*... MULA SA P. 1

serbisyong pangkalusugan sa mga hayop sa *evacuation area.*

Ang nangyaring pagputok ng bulkan noong nakaraang Enero 12 ay nagdulot ng malaking pinsala at kalugihan sa sektor ng agrikultura kabilang ang pangisdaan, sakahan, at paghahayupan.

Bilang tugon, tinipon ng *National Livestock Program*, sa pangunguna ni Asec. William Medrano ang mga suporta mula sa iba pang mga *livestock agencies* ng DA gaya ng National Meat Inspection Service (NMIS), National Dairy Authority (NDA), Bureau of Agricultural Research (DA-BAR), at Bureau of Animal Industry (BAI).

"Maaaring hindi natin lubusang maresolba ang problema sa ngayon pero kailangan nating gumawa ng aksyon para matulungan ang mga apektado ng kalamidad, kaya naman ang aktibidad na ito ay naglalayong pagsamahin ang mga tulong at suporta para sa epektibong pagtugon," ani Asec. Medrano.

Binigyang-diin ni Vilma Dimaculangan, *regional coordinator for Livestock Program*, ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan sa mga ahensiya ng DA at iba pang organisasyon. Binanggit din niya ang *14km-immediate response mechanism* na isinasagawa para makaalpas ang mga direktang nasalanta ng pagputok ng bulkang Taal.

Tiniyak naman ng *Provincial Veterinary Office* ng Batangas ang maayos na sistema sa pagtanggap ng mga donasyon at mga nais na personal na mag-abot ng tulong para maiwasan ang masamang epekto sa kalusugan ng *ashfall.*

# *Techno-demo* sa paghahanda ng *Urea-Molasses Treated Rice Straw* isinagawa sa Ilocos Norte

NINA **MA. CECILIA IRANG** AT **MARIJOAN NEFULDA**




**Lumahok ang mga magsasaka at mga *livestock raisers* sa iba't ibang bayan sa Ilocos Norte sa isang *technology demonstration (techno-demo)* na "Enhancing Feeding Management Practices of Ruminant Raisers: A Urea-Molasses Treated Rice Straw (UMTRS) Demonstration and Technology Showcase" noong Enero 30, 2020 sa Marcos, Ilocos Norte.**

Bahagi ang *techno-demo* ng proyektong "Development of Sustainable Rice Straw Management Practices and Technologies for Ruminant Fodder in the Philippines (RiceStraw PH)", isang kolaborasyon sa pagitan ng DA-PCC, International Rice Research Institute (IRRI), at DA-Philippine Rice Research Institute (PhilRice). Ang nasabing proyekto ay pinangunahan ni PCC *Executive Director* Dr. Arnel Del Barrio at pinondohan ng DA-Bureau of Agricultural Research (DA-BAR).

Ang mga magsasakang kalahok ay galing sa mga bayan ng Marcos, Currimao, Dingras, Solsona, Nueva Era, Banna at Pinili, at Laoag.

Ilan sa mga posibleng dahilan kung bakit madalas na sinusunog lang ang dayami pagkatapos ng anihan ay dahil sa mahirap itong kolektahin, nakasanayan na sa mahabang panahon, o kakulangan sa kaalaman ng mga magsasaka kung paano mapakikinabangan ang dayami. Sa proyektong ito ay binigyang-diin hindi lamang ang pang ekonomiyang pakinabang ng paggamit ng dayami kundi pati ang positibong dulot nito sa kapaligiran kung hindi ito susunugin.

Nagbigay ng pangkalahatang-ideya si Dr. Daniel Aquino, *center director* ng PCC sa Central Luzon State University (PCC@CLSU) at *study leader,* ukol sa proyekto at tinalakay ang kahalagahan ng dayami bilang pakain sa mga hayop. Sinabi rin niya ang mga materyales na kakailanganin at ang mga hakbang para sa mabisang paghahanda at paggamit ng UMTRS.

Ang mga sumusunod ay ang mga materyales na kakailanganin para sa *mixture* ng paggawa ng 100 kg na UMTRS: 4.40 kg *urea*, 4 kg *molasses,* at 91.6 kg na tubig. Ilubog ang dayami (mas mainam kung ito ay natadtad) sa *mixture*. Hanguin at ilagay sa *drum* o *silage bag*. Kailangan masiguro na siksik ito bago takpan o sarahan nang mabuti.

Maaaring ipakain ang UMTRS nang direkta sa mga hayop 30 araw pagkatapos ng pagbuburo *(ensiling)*. Magreresulta ito ng mas mataas na produksyon ng gatas, mas magandang timbang at karagdagang sustansiya sa mga hayop.

Sa patnubay ng mga kawani ng PCC, hinati sa dalawang grupo ang mga kalahok para sa paghahanda ng UMTRS bilang bahagi ng kanilang *hands-on activity*. Pagkatapos ay tinuruan sila ng tamang paraan ng pagbuburo at pagsasara ng mga *silage bags*.

Tinuruan din sila kung paano mag-imbak ng dayami sa pamamagitan ng *baler machine* o ng *improvised stationary wooden baler.*

Itinuro rin kung paano gamitin ang UMTRS bilang sangkap sa *Total Mixed Ration* (TMR).

Ang paggamit ng teknolohiyang ito sa pakain ay mapakikinabangan ng mga kooperatiba, magsasaka, *agricultural entrepreneurs, livestock producers* at *extension workers*, dahil matitiyak nito ang karagdagang kita at mapagkukunan ng pakain para sa mga alagang hayop.

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

# iASK
inyong alamin solusyong kaya natin!

## Ano ang *rice straw* at saan ito magagamit?

*Isinalin sa wikang Filipino ni Charlene Joanino mula sa Knowledge Product ng DA-PCC RiceStrawPH team*

**Ang *rice straw* o dayami ay *by-product* na nakukuha mula sa inaning palay. Ito ay maaring gamitin bilang pakain sa hayop, sa produksyon ng kabute, at *bio-energy*.**

### Paano gawing pakain ang dayami para sa kalabaw?

1. Kunin ang dayami mula sa palayan, i-*bale* at iimbak ito sa lugar na may silungan o bubong.
2. I-buro ang dayami upang makagawa ng *Urea-Treated Rice Straw* (UMTRS).

Sundin ang mga sumusunod na hakbang:

a. Lusawin at ihalong mabuti ang mga sangkap na *urea* (4.4 kg), pulot (4 kg), tubig (92.6 kg), at dayami (50-100 kg).
b. Hatiin ang dayami ng tig-dalawang pulgadang haba gamit ang *forage chopper*.
c. Ilubog ang dayami sa mga pinaghalong sangkap.
d. Pagkaraang basain, ilagay ang dayami sa *drum* o silo.
e. Siksikin ang lalagyang *drum* ng mga dayaming binasa hanggang sa mapuno.
f. Maiging takpan ng plastik ang ibabaw ng *drum* at maglagay ng pabigat sa ibabaw nito.
g. Ang UMTRS sa *drum* ay maaari nang ipakain sa alaga pagkaraan ng 30 araw buhat ng gawin ito.

### Bakit mainam na pakain ang UMTRS at anu-ano ang dapat tandaan sa pagpapakain nito?

Ang UMTRS ay nakatutulong sa pagpapataas ng produksyon ng gatas at timbang ng hayop. Ito rin ay maaring ibigay bilang suplementong pakain sa panahong may kakulangan sa sariwang damo.

Mahalagang pasingawan ng 30 minuto ang UMTRS bago ito ipakain sa hayop. Huwag itong ipakain sa kalabaw na wala pang isang taon at nasa huling tatlong buwan ng pagbubuntis. Tumawag ng beterinaryo kung makakitaan ang alaga ng paglalaway o hirap sa paghinga pagkaraang ipakain ang UTMRS.

## CaraBalitaan

Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.

Ang salitang "impact zone", samantala, ay isang lugar o magkakalapit na mga lugar kung saan lahat ng kailangang sangkap para sa tuluy-tuloy na pag-unlad ng kabuhayang salig sa kalabaw ay pinagsasama-sama sa layuning makalikha ng makahulugang pagbabago sa kanayunan at kalaunan ay sa kabuuang lipunan. Ang probinsya ng Nueva Ecija ang naitalaga na National Impact Zone habang ang piling mga bayan naman na nasasakupan ng *PCC regional centers* ang tinaguriang Regional Impact Zones.

## PATNUGUTAN

**Patnugot:** Eric P. Palacpac
**Tagapamahalang Patnugot:** Rowena G. Bumanlag
**Tagapamahala sa Isyung Ito:** Ma. Cecilia C. Irang
**Manunulat:** Ma. Cecilia C. Irang, Charlene S. Joanino, Chrissalyn L. Marcelo, Charlene P. Corpuz
**Nag-ambag ng Artikulo:** Dorie D. Bastatas, Aileen L. Bulusan, Wilma T. Del Rosario, Emy Goritte E. Gorra, Marijoan A. Nefulda, Paul Andrew P. Texon, Rodolfo Jr. T. Valdez, Jocel Dam A. Dolfo
**Layout:** Ma. Cecilia C. Irang
**Tagapamahala sa Sirkulasyon:** Charlene P. Corpuz
**Pinunong Tagapagpaganap:** Arnel N. Del Barrio